BRAMPTON Service and Information Update

Hunyo 28, 2023

# Love is in the air! Magpakasal sa Brampton Farmers' Market!

Nag-aalok ang Lungsod ng Brampton ng seremonya ng sibil na kasal sa tatlong Sabado lamang! Nagbabalik dahil sa hiling ng marami, magpalitan ng pangako at magpakasal sa pamamagitan ng isang marriage officiant ng Lungsod sa magandang Gage Park gazebo sa Downtown Brampton, sa panahon ng Farmers' Market, sa halagang $350 (plus HST).

May limitadong espasyo na available:

- Mag-book nang personal bago lumipas ang Hulyo 7 para magreserba ng puwesto para sa Sabado, Hulyo 15.
- Mag-book nang personal bago lumipas ang Agosto 18 para magreserba ng puwesto para sa Sabado,Agosto 26.
- Mag-book nang personal bago lumipas ang Setyembre 8 para magreserba ng puwesto para sa Sabado, Setyembre 16.

Kailangang bayaran ang mga booking nang kumpleto sa panahon ng pagpapa-book. Kailangang ipakita o bilhin ang balidong marriage licence sa panahon ng pagpapa-book ($165). Ang marriage licence ay maaaring kunin nang personal sa City Hall (Lunes hanggang Biyernes, 8:30 am hanggang 4:00 pm).

**Mga Marriage Licence**

Nagpaplano ng iyong kasal? Bago magpakasal sa Ontario, kailangang kumuha ng marriage licence. Alamin ang tungkol sa mga hinihingi at sa mga timeline sa pagkuha ng marriage licence mula sa Lungsod ng Brampton.

-30-

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca